ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 12
Hunyo 21, 2023
www.philippinerevolution.nu


EDITORYAL

# 125 taong walang-humpay na pakikibaka para sa pambansang kalayaan

Sa paggunita kamakailan sa ika-125 taon ng deklarasyon ng huwad na kalayaan ng Pilipinas, magbalik-tanaw tayo sa mahigit isang siglong paglaban ng sambayanang Pilipino sa kolonyalismo at mala-kolonyalismo at muling pagtibayin ang paninindigang makibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Ang idineklarang kalayaan "sa ilalim ng proteksyon ng Makapangyarihan at Makataong Bansang United States of America," ay ginawa ng mga kinatawan ng uring asendero-ilustrado na sumakay sa mga tagumpay ng armadong rebolusyon ng Katipunan laban sa 300-taon kolonyalismong Espanya. Ang totoo'y sikretong nakipagkasundo na ang Espanya sa US bago isinagawa noong Oktubre 1898 ang palabas na Labanan sa Manila Bay at pirmahan ang Treaty of Paris noong Disyembre 10, 1898 kung saan ibinenta ang Pilipinas sa halagang $20 milyon.

Daan-daan libong tropang Amerikano ang sumalakay sa Pilipinas para supilin ang bayan at sakupin bilang kolonya ang Pilipinas. Isinagawa ang mahigit isang dekadang brutal na gera laban sa mga rebolusyonaryong pwersang tinaguriang mga "bandido" at "insurekto." Hindi bababa sa 200,000 Pilipinong sibilyan ang pinatay ng mga sundalong Amerikano, at mahigit isang milyon (sa populasyong wala pang pitong milyon) ang namatay bunga sa gerang agresyon ng US.



Labis-labis na kapangyarihan ang ginamit ng US para mamayagpag sa Pilipinas, supilin ang sambayanan at dambungin ang yaman ng bansa. Milyun-milyong puno ang itinumba para sa troso, daan-daan libong ektaryang lupain ang inagaw sa mga magsasaka at katutubong mamamayan para gawing mga minahan ng ginto at iba pang mineral, at mga plantasyon ng tubo, pinya at iba pang tanim na pang-eksport sa US. Sinaklot at kinontrol ng US maging ang kamalayan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagpataw ng maka-US na sistemang edukasyon sa hangaring burahin sa isip ng sambayanan ang kasaysayan at kawasatuhan ng paglaban para sa kalayaan at ilarawan na "mabait na pagsakop" ang kolonyalismong US. Nagluwal ang US ng bagong henerasyon ng mga burukratang kapitalistang sinanay sa "demokrasya ng US" na kumatawan sa kapangyarihan ng US at sa pinagsanib na interes ng naghaharing uring mga burgesyang komprador at dating mga panginoong maylupa.

Sa halip na magupo, lalong naglagablab ang diwa ng patriyotismo ng masang manggagawa at anakpawis. Mula simula at sa susunod na mga dekada, nabuo ang kanilang organisadong hanay at sumulong sa landas ng paglaban para sa kalayaan. "Kamatayan sa imperyalismo" ang kanilang sigaw sa mga demonstrasyon at pag-aaklas. Mula nang itatag noong 1930, gumampan ng mahalagang papel ang Partido Komunista ng Pilipinas (Islas de Pilipinas) sa pakikibaka para sa kalayaan mula sa kolonyal na paghahari ng US.

Sa gitna ng inter-imperyalistang sigalot, inabandona ng US ang Pilipinas at hinayaang sakupin ng Japan. Sa pangunguna ng PKP, inilunsad ang pakikidigmang gerilya laban sa Japan at itinatag ang kapangyarihang bayan sa Central Luzon at iba't ibang panig ng bansa. Tulad sa China at ibang bansa, ginupo ng mga pwersang gerilya ang mananakop na Japanese. Bago tuluyang sumuko ang sukol nang mga pwersa ng Japan sa Pilipinas (gaya

ng pagkasukol na ng Espanya noong 1898), bumalik ang mga pwersang US at walang-habas na binomba at pinulbos ang Maynila (tulad ng palabas na Battle of Manila Bay) para pwersahing lumuhod ang bansa. Katuwang ang mga papet na armadong pwersa nito (ninuno ng Armed Forces of the Philippines), isinagawa ng US ang kampanya ng armadong pagsupil laban sa mga pwersang gerilya na kinatampukan ng kaliwa't kanang mga pagmasaker at brutal na pamamaslang sa mamamayan.

Para amuin ang sambayanang Pilipino, ibinigay ng US ang "kalayaan" noong Hulyo 4, 1946 at ipinahawak ang renda ng administrasyon ng papet na estado sa mga partido at pulitiko ng naghaharing mga uri. Sa nagdaang 80 taon na, ang Pilipinas ay nasa ilalim ng paghaharing neokolonyal o malakolonyal, kung saan nangingibabaw ang pasya ng US sa pulitika, ekonomya, militar at kultura. Sa ilalim ng malakolonyal na paghahari ng US, kinamkam nito ang trilyun-trilyong dolyar na yaman ng Pilipinas sa pamamagitan ng hindi pantay na relasyon sa kalakalan at pamumuhunan na pinagtibay ng mga tratadong pabor sa US. Ipinatutupad ang patakaran ng mababang sahod para sa maksimum na tubo ng mga kumpanyang US at iba pang dayuhang kapitalista. Ang mga patakaran sa ekonomya ng papet na gubyerno ng Pilipinas ay dinidikta ng US sa pamamagitan ng International Monetary Fund, World Bank at iba pang bangko at ahensyang hawak ng US sa kapinsalaan ng ekonomya at kabuhayan ng mga Pilipino. Lalong pinalalakas ng US ang pangkulturang dominasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng maka-US na sistemang pang-edukasyon, kontrol sa masmidya at iba pang ahensyang nagpapalaganap ng maka-US na kaisipan at mga pananaw.

Pinananatili ng US ang armadong dominasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga tratadong militar kabilang ang Mutual Defense Treaty, ang noo'y Military Bases Agreement (1946-1991), at ang Visiting Forces Agreement (1998) at Enhanced Defense Cooperation Agreement (2014). Itinatag ng US ang AFP na nagsisilbing pangunahing haligi ng paghahari nito sa bansa. Mula't sapul ay ginagamit ito para sa armadong pagsupil sa sambayanang Pilipino at sa kanilang paglaban para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Sa harap ng krisis sa ekonomya ng US at iba pang kapitalistang bansa, lalo ngayong lumalakas ang tulak ng US na pahigpitin ang kontrol sa Pilipinas. Kaakibat ng pagpapalakas ng armadong presensya sa Pilipinas, agresibo rin ngayon ang US sa pagkamkam ng likas na yaman at mga negosyo sa bansa, para palawakin ang kanilang mga plantasyon at minahan na nagreresulta sa pagkakait sa kabuhayan ng milyun-milyong mga Pilipino. Pinagdurusahan ngayon ng sambayanan ang malubhang epekto ng ilang dekada nang mga patakarang neoliberal na dikta ng US: laganap na disempleyo, mababang sahod, walang mapagkunan ng kita, sumisirit na presyo, bulok sa serbsiyong panlipunan, pagpapalayas sa lupa, at pagkasira ng kalikasan. Nasa bingit ng krisis sa pinansya ang bansa na kinatatampukan ng papalaking utang ng gubyerno at bagsak na kita ng gubyerno dahil sa pag-aalis ng buwis pabor sa malalaking korporasyon, at pataas nang pataas na gastos sa napakalaking pwersang militar at pulis. Ang pagmamadali ng US na magtayo ng karagdagang mga base militar at pasilidad sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, laluna sa mga hilagang bahagi, para gamitin ang Pilipinas sa estratehiya nito ng pagkubkob sa China, ay lalong nagpapatampok sa kawalan ng bansa ng tunay na kasarinlan, at naglalagay dito sa peligrong madamay sa gera ng mga higanteng imperyalista.

Mula nang muli itong itatag noong 1969, nasa unahan na ang Partido Komunista ng Pilipinas ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Isinusulong nito ang digmang bayan mula 1969, at walang lubay itong isusulong gaano pa man katagal abutin para palayain ang bansa mula sa pagsaklot ng imperyalismong US.

Nakahanda ang Partido, lahat ng rebolusyonaryong pwersa at ang buong sambayanang Pilipino na balikatin ang mabibigat na tungkulin para isulong ang paglaban ng bansa para palayasin ang imperyalistang halimaw at kamtin ang inaadhikang paglaya ng Inang Bayan. Buong-loob nating suungin ang landas ng pakikibaka, gaano man kasukal at kahirap, dahil ito lamang ang daan tungo sa maliwanag at maaliwalas na kinabukasan. AB


ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 12 | Hunyo 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** 125 taong walang-humpay na pakikibaka para sa pambansang kalayaan 1
9 armadong aksyon sa 5 prubinsya 3
10 sinisante sa Wyeth-Nestle, napabalik 4
Mga protesta 5
Dayuhang kontrol sa telekomunikasyon 6
Pinaigting na kawalang-lupa 6
Pang-aagaw ng lupa, tumitindi sa Masbate 7
*Tampuda*, ginamit sa pandarambong 8
Pamilyang Fausto, minasaker ng 62nd IB 9
Matandang detenidong pulitikal, palayain! 10
Sa madaling salita 10
Ang pagiging *transwoman* sa NPA 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph
@angbayan__1969

## 9 armadong aksyon, inilunsad ng BHB sa 5 prubinsya

MAGKAKASUNOD NA ARMADONG aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Aurora, Albay, Camarines Sur at Norte, at Negros Occidental sa nagdaang mga linggo. Ang mga atritibong aksyon na ito ay bahagi ng pagbibigay-hustisya sa mamamayang biktima ng militarismo at pasistang paninibasib ng militar.

Sa Aurora, pitong tropa ng 91st IB ang napatay sa armadong aksyon ng BHB sa kabundukan ng Barangay Diteki, San Luis, Aurora noong Hunyo 9 ng umaga. Kabilang sa mga sundalong napatay si Corporal Noel F. Caya. Itinanggi ng 91st IB ang iba pang nasawi sa labanan.

Magkasabay na operasyong harasment ang inilunsad ng BHB-Albay laban sa dalawang detatsment ng militar noong Hunyo 10. Isa rito ang laban sa detatsment ng CAFGU sa Barangay Pantao, Libon. Sinundan ito ng operasyon laban sa detatsment ng paramilitar sa Barangay Cuyaoyao, Pio Duran.

Sa araw ding iyun, isinagawa ng mga Pulang mandirigma sa Camarines Sur ang tatlong armadong aksyon laban sa mga kampo ng 81st IB. Sinalakay ng BHB ang mga detatsment ng militar sa Barangay Inoyunan, Bula at sa Barangay Cambalidio, Libmanan. Inisnayp naman ng isang yunit ng BHB ang mga sundalong nagsasagawa ng Retooled Community Service Program o RCSP sa Barangay Calabnigan, Libmanan.

Sa Camarines Norte, tatlong sundalo ang kumpirmadong kaswalti sa atake ng BHB sa mga tropa ng 9th IB sa Purok 5 ng Barangay Canapawan, Labo noong Hunyo 8. Pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang isang tim ng mga sundalong papalapit sa kanilang binabasehan nang ala-1 ng madaling araw.

Sa Negros Occidental, pinaputukan ng BHB-South Central Negros ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Hilamunan, Kabankalan City noong Hunyo 13.

## 10 sinisante sa Wyeth-Nestle, napabalik ng unyon

NAIGIIT NG Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPWU) DFA-KMU ang pagbabalik sa di bababa sa 10 manggagawa na tinanggal ng kumpanya sa pangatlo at huling pakikipagnegosasyon nito sa maneydsment noong Hunyo 16 sa Calamba, Laguna. Kabilang dito ang pangulo at apat na upisyal ng unyon. Sa kabuuan, 22 na lamang ang hindi pa tumatanggap ng inaalok ng maneydsment na Enhanced Separation Package (ESP). Mula ito sa panawagang ibalik ang 145 na manggagawa.

Naitulak din ng unyon ang pagpapataas ng ESP para sa lahat ng pumayag na matanggal sa trabaho, gayundin ang pagpapalawig ng pagsagot ng kumpanya sa gastusin ng may malulubhang sakit. Ang "separation package" ay bungkos ng sahod at mga benepisyo na tinatanggap ng isang sinisanteng manggagawa. Madalas na nakabatay ito sa haba ng kanyang pagtatrabaho sa isang kumpanya.

Lubos ang pasasalamat ng unyon sa lahat ng sumuporta sa kanilang laban. "Hindi man natin napabalik ang lahat ng tinanggal, muli naman nitong pinatunayan na tanging sa pagkakaisa at paglaban ay may maasahan tayong tagumpay," pahayag ng WPPWU.

**Protestang manggagawa.** Pinangunahan ng mga manggagawa ng Gardenia Bakeries Philippines at Philfoods Fresh Baked Products ang protesta sa Sta. Rosa, Laguna noong Hunyo 6 upang batikusin ang nagpapatuloy na panggigipit ng NTF-Elcac sa mga manggagawa sa rehiyon. Kinundena nila ang panibagong serye ng harasment at pagpasok ng mga sundalo sa kanilang mga pabrika para mang-*red-tag* ng mga unyonista sa mga inilulunsad nilang mga seminar. Noong Hunyo 15, nagsampa ang mga manggagawa ng reklamo sa Commission on Human Rights para panagutin ang sabwatan ng may-ari ng Gardenia at mga pwersa ng estado sa panggigipit sa kanila.

**Araw ng kawalang kalayaan.** Naglunsad ng koordinadong protesta ang mga progresibong grupo sa Metro Manila, Southern Tagalog at Davao noong Hunyo 12 upang gunitain ang ika-125 huwad na "Araw ng Kalayaan." Kinundena nila ang panghihimasok ng dalawang nag-uumpugang imperyalista sa teritoryo at mga internal na usapin ng bansa. Anila, hindi tunay na malaya ang Pilipinas dahil patuloy itong kinukubabawan ng imperyalismong US.

**Ilitaw sina Dexter at Bazoo!** Sa ika-40 araw ng sapilitang pagkawala nina Gene "Bazoo" De Jesus at Dexter Capuyan noong Hunyo 7, kinalampag ng iba't ibang grupo ang Camp General Servillano A. Aquino sa Tarlac upang igiit ang paglilitaw sa kanila. Kasamang nagprotesta ang mga kamag-anak at kaibigan ng dalawa na binansagang Taytay 2 na pinaniniwalaang nasa kustodiya ng militar. Ang naturang kampo-militar ay hedkwarters ng Northern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines.

**Kaarawan ni Rizal.** Sinabayan ng kilos protesta ng kabataan-estudyante mula sa iba't ibang pamantasan ang paggunita sa ika-162 kaarawan ni Jose Rizal noong Hunyo 19 sa tapat ng Commission on Higher Education. Panawagan nilang ibasura ang Mandatory ROTC, Tuition and Other School Fees Increase (TOFI) sa mga pribadong pamantasan, at pagkaltas sa badyet ng mga pampublikong unibersidad.

# Dayuhang kontrol sa serbisyong telekomunikasyon

Malaking usapin kamakailan sa Senado ang tungkol sa 40% pag-aari ng China sa sistema ng mga kawad at kableng naghahatid ng kuryente sa buong bansa. Ayon sa mga senador, delikado na ang isang serbisyong may malaking implikasyon sa pambansang seguridad ay nasa kamay ng isang dayuhang entidad. Pero kung gaano kalaki ang kanilang "pag-aalala" sa dayuhang kontrol sa transmisyon ng kuryente, gayun naman ang kanilang pagmamadali na ipasakamay sa dayuhang kontrol ang isa pang maselang imprastruktura para sa isang pampublikong yutilidad—ang mga *cell tower* na gulugod ng serbisyong telekomunikasyon.

Aktibong itinulak at sinuhayan ng reaksyunaryong estado ang buubuong pag-angkin ng dayuhang mga entidad sa mga *cell tower* na dinadaluyan ng pribado at pampublikong komunikasyon sa bansa. Noong 2020, ipinatupad ang iskemang Common Tower Policy na nagbukas sa konstruksyon at operasyon ng mga *cell tower* sa dayuhang mga kumpanya. Itinulak ito ni Sen. Grace Poe para "buwagin" diumano ang *duopoly* o kontrol ng dalawang kumpanya—ang Smart/PLDT at Globe—sa gulugod ng telekomunikasyon. Sinundan ito ng pag-amyenda sa Public Services Act na nagbukas sa 100% pag-aari ng dayuhan sa buong sektor.

Mula 2020, unti-unti nang ibinenta ng PLDT/Smart at Globe ang kanilang mga *cell tower*, pangunahin sa mga kumpanyang US at kanilang mga kasosyo. Patuloy nilang gagamitin ang mga ito sa ilalim ng kaayusang "lease back" sa nakabiling mga kumpanya.


Binigyang-laya ng estado ang mga kumpanyang nakabili na palawakin ang saklaw, palakasin ang signal at "i-digitize" ang mga *cell tower* para magamit sa komunikasyong 5G. Bukod dito, binigyan sila at 19 na iba pang kumpanya ng permit na magtayo ng hanggang 50,000 bagong *cell tower*. Sa mga ito, lima lamang ang kumpanyang Pilipino. Sa ngayon, mayroon lamang 22,405 *cell tower* sa Pilipinas.

Pinaglalawayan ng dayuhang mga kapitalista, laluna ng mga kumpanyang Amerikano, ang sektor na telekomunikasyon dahil sa laki ng potensyal na kita ng iba't ibang imprastruktura nito.

Bukod dito, isang malaking merkado para sa serbisyong telekomunikasyon ang Pilipinas. Ayon sa isang pag-aaral na inilabas noong Pebrero, 85.16 milyong Pilipino ang gumagamit ng internet at 163.3 milyon ang kuneksyong *cellular* (katumbas ng 144.5% ng populasyon). Liban dito, ang mga Pilipino ang pinakababad sa internet sa buong mundo, kung saan umaabot sa siyam na oras at 14 minuto ang kanilang ginugugol sa pag-iinternet araw-araw. Pitong beses na mas mahal ang serbisyong 5G kumpara sa kasalukuyang laganap na serbisyong LTE at 4G.

**Usapin ng pambansang seguridad (ng US)**

Hindi itinatago ng US na itinuturing nitong usapin ng sariling pambansang seguridad ang lokal na telekomunikasyon sa Pilipinas, laluna sa usapin ng *cybersecurity*. Diumano, 90% ng mga transaksyong pinansyal ng Wall Street (sentro ng ekonomya ng US) ay dumadaan sa Pilipinas, ayon sa isang upisyal ng embahada ng US sa Pilipinas. Itinutulak nito ang $33-milyong proyektong BEACON para sa paglalatag ng imprastruktura, pagtatakda ng lokal na mga patakaran kaugnay sa *cybersecurity* at pagsasanay sa mga Pilipinong manggagawa para pangalagaan ang *cybersecurity* ng mga kumpanya at transaksyong Amerikano sa bansa.





Inilalatag rin ng US ang sariling imprastruktura ng telekomunikasyon bilang bahagi ng paghahanda nito ng gera. Ibinalita noong Enero na popondohan ng United States Trade and Development Agency ang pagtatayo ng Now Telecoms bilang pang-apat na kumpanya sa telekomunikasyon sa Pilipinas. Sinasabing pantapat ang kumpanyang ito sa Dito Telecommunity na 40% pagmamay-ari ng China.

Napakalaking kabalintunaan na ang sistema ng komunikasyon sa Pilipinas ay ipaiilalim sa kontrol ng US at pinakikialamanan ng gubyerno nito, gayong ang US ang isa sa pinakamalaking estadong sangkot sa *mass surveillance* o pagmamanman sa kanyang mamamayan. Kabilang sa mga programang pangsarbeylans na ipinatutupad ng US ang tinaguriang PRISM, na kumukulekta ng lahat ng *email*, mga imahe, dokumento, at iba pang sensitibong impormasyon kasabwat ang ilang malalaking kumpanya. Bukod pa ito sa mga programang Dishfire, ECHELON, INDECT, at iba pa. AB

# Lumalalang kawalang-lupa ng mga magbubukid

Muling tinuligsa ng mga magsasaka mula sa Central Luzon at Southern Tagalog sa ilalim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at ibang grupong magsasaka ang hungkag na reporma sa lupa na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa okasyon ng ika-35 anibersaryo nito noong Hunyo 10. Tumungo sila sa Maynila upang kalampagin ang rehimeng Marcos Jr sa napakong mga pangako ng batas at kawalan ng aksyon nito sa samutsaring usapin ng mga magbubukid sa buong bansa. Kasabay nito, panawagan nila ang hustisya sa mga magsasakang naging biktima ng panunupil ng estado dahil sa kanilang pakikipaglaban sa karapatan sa lupa.




Nagsilbi at patuloy na nagsisilbi sa interes ng mga panginoong maylupa at korporasyon ang CARP. Pinahirapan nito ang mga magsasaka para makapagmamay-ari ng binubungkal nilang lupa habang pinadali ang pagkamkam ng lupa ng mga panginoong maylupa at negosyante.

Hindi maitatago ang katotohanang lumala ang kawalan ng lupa sa kabila ng pagpapatupad ng batas. Ayon sa datos ng Census on Agriculture and Fisheries, mula 1980 hanggang 2012, bumaba nang 12% ang bilang ng mga magsasakang may sariling lupa. Sa buong bansa, tuluy-tuloy ang pakikibaka ng mga magsasaka para sa lupang kunwa'y ipinailalim sa CARP pero hanggang ngayon ay hindi naipamahagi sa kanila. Ilan lamang sa mga ito ang sumusunod:

**Hacienda Tinang, Concepcion, Tarlac**

Sa higit tatlong dekada nang paglaban ng mga magsasakang benepisyaryo sa 200-ektaryang lupa sa Hacienda Tinang, sa Concepcion, Tarlac, ngayon lamang pormal na maglalabas ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng titulo ng lupa. Sa 236 na orihinal na nabigyan ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) noong 1995, 90 benepisyaryo na lamang ang makatatanggap ng titulo.

Kasabay nito, tuluy-tuloy rin ang kanilang panawagan para tuluyan at permanenteng maibasura ang mga gawa-gawang kasong kriminal laban sa mahigit 100 magsasaka at kanilang mga tagasuporta na lumahok sa bungkalan noong Hunyo 9, 2022.

**Mallig, Isabela**

Panawagan ng mga magsasaka at maralitang naninirahan sa Sityo Villa Corazon, Barangay Manano, Mallig, Isabela na ipamahagi ang 625-ektaryang pampublikong lupa na kanilang sinasaka at tinitirhan. Anila, 60 taon na itong napakinabangan ng angkang Marcela Uy na binigyan ng permit para mag-opereyt ng isang pastuhan. Matapos mawalan ng bisa ang permit, binungkal at tinirahan ang lupa ng mga maralitang magsasaka at setler.

Halos 30 taon nang nakatira ang mga magsasaka sa lupa nang muling iginawad ito ng estado sa mga Uy noong 2017. Ginamit ni Uy, kasabwat ang lokal na upisina ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), ang National Greening Program para maagaw muli ang lupa. Batid ng mga magsasaka na ginawa ang pagreklasipika sa lupa bilang *forest land* para ipagkait ito sa kanila dahil iniwan itong nakatiwangwang ni Uy. Kinasuhan pa ng DENR ang mga magsasaka.

May katulad na kaso ng pagpapalayas at panggigipit sa katabing Barangay Trinidad, Mallig kung saan pinaghati-hatian ng malaking pulitiko ang 200-ektaryang lupang nireklasipika.

**Angandanan, Isabela**

Daang tenante sa Manolito Arellano Tombo Estate sa Cauayan City, Isabela, ang pinatalsik sa kanilang mga sakahan ng mga armadong tauhan ng panginoong may lupa noong Hulyo 2021. Ito ay matapos silang tumangging ibenta ang kanilang lupang ipinamahagi na sa kanila.

Taong 2012 nang mapailalim ang 23-ektaryang lupain sa naturang lugar sa CARP. Pitong taon na nang matapos ng DAR ang pagtukoy sa lehitimong mga benepisyaryo ng programa pero hanggang ngayon, hindi pa rin naipapamahagi ang lupa. Sa halip, naglabas ng pekeng Certificate of Non-Coverage ang lokal na upisina ng ahensya para mabenta ang lupa sa iba.

**Tumauini, Isabela**

Halos isang dekada nang naghihintay ang matatandang magsasaka ng Tumauini, Isabela sa resolusyon ng DAR para matituluhan ang lupang kanilang sinasaka at mapawalang-bisa ang mga *emancipation patent* (EP) na ibinigay ng ahensya sa di nagmamay-ari ng lupa. Isinisisi ng DAR ang maling pagbibigay ng EP sa pagkasunog ng lumang mapa ng DENR sa Region 2 .

Ang 43-ektaryang lupa ay orihinal na pagmamay-ari ni Abelardo Quina. Noon pang 1960 pinayagan ang ilang magsasaka na magbungkal sa ilang bahagi nito. Imbes na tuluyang igawad ang lupa sa mga magbubungkal, ibinenta ito ni Quina sa isang panginoong maylupa, kasabwat ang DAR. Pinalalayas ngayon ang mga magsasakang deka-dekada nang nagbubungkal dito kung hindi sila makapagbayad ng upa.

Koresponsal:

# Pang-aagaw ng lupa, tumitindi sa Masbate




Sa pagpasok ng 2023, hinagupit ang mga magsasaka sa Masbate ng pinatinding pang-aagaw ng lupa na gawa ng malalaking rantsero, burges-kumprador at burukraang-kapitalista sa prubinsya. Kabilang sa kanila ang mga dati at bagong alipures ng pamilyang Marcos.

Tuluyan nang pinalayas ng gubernador sa Masbate na si Antonio T. Kho ang mga magsasaka mula sa 550-ektaryang lupain ng Rantso Pecson sa bayan ng Cawayan . Maging ang kalapit na mga pribadong lupa ay hindi nakaligtas sa malawakang pang-aagaw ng gubernador. Nilagyan ng bakod at tinayuan ng detatsment ng militar ang Sityo Calmad, Barangay Madbad sa naturang bayan para pigilan ang pagbabalik ng mga magsasaka.

Sinakop din ng itinayong *hybrid solar energy power plant* ng kumpanyang D.M. Consunji Inc. (DMCI) ang ekta-ektaryang lupain sa prubinsya.

Nagpapatuloy din sa mga bayan ng Dimasalang at Palanas, ang pangangamkam ng lupa ng kumpanyang Empark para sa 1,854-ektaryang negosyong ekoturismo na Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone.

Liban dito, maraming magsasaka sa prubinsya ang naitulak na ibenta o isangla ang kanilang lupang sinasaka upang may maipambayad sa mga usurerong kumpanya sa lending at *microfinance*. Maraming maliliit at nagsasariling nagsasakang pamilya ang naging mga mala-proletaryado o manggagawang-bukid.

Para supilin ang lumalabang mga magsasaka, itinatayo sa Barangay Panicijan, Uson ang bagong hedkwarters ng 2nd IB. Tagabantay ang mga pwersa nito sa nagbabadyang ekspansyon ng malaking dayuhang mina na Filminera. Sasaklawin ng kumpanya ang 1,755 ektaryang kabundukang sakop ng mga bayan ng Mobo, Milagros at Uson.

**Ang huwad at militaristang pamamahagi ng lupa**

Ipinapatupad ngayon sa Masbate ang kontra-rebolusyonaryong programang agraryo sa pamamagitan ng Executive Order No. 75, series 2019 (EO 75, s. 2019), at programang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling o SPLIT.

Umaabot na sa 3,000 ektarya sa 9,000 ektaryang target ang naipamahagi sa ilalim ng programang SPLIT. Saklaw nito ang lupa ng rantsong Triple A na dati nang tinarget sa bigong pakanang agribisnes na Masbate Agro-Industrial Growth Corridor o MAGIC at ang isla ng Deagan. Sadyang pinaghiwa-hiwalay ang mga titulo para mas madali maagaw ng interesadong mga negosyante ang mga lupa mula sa indibidwal na mga magsasaka.

Sa pagpapatupad ng EO 75, s. 2019, sa ilalim ni Marcos Jr, inaagaw mula sa tunay na mga benepisyaryo ang mga lupang naipamahagi na upang ipamahagi ang mga ito sa mga *rebel returnee* at mga pamilya ng retiradong militar at pulis. Isa ang Hacienda Yulo sa Barangay Matagbac, Milagros sa mga isinailalim sa militaristang programa.

Kabilang sa pinuntirya ng gubyerno na isailalim sa peke at huwad na repormang agraryo ang mga lupaing ipinaglaban ng mga magsasakang Masbatenyo mula sa kamay ng mga lokal na asyendero at rantsero sa prubinsya. Ito rin ang mga lupaing sinikwester ng gubyerno mula sa pamilyang Marcos na balak muling agawin at pagtayuan ng mga negosyo ni Marcos Jr.

**Ang pananatili ng paghaharing rantsero**

Sa ilalim ng 35 taon ng pagpapatupad ng huwad na reporma sa lupa sa prubinsya, lalupang nawalan ng lupa ang mga Masbatenyo. Ginamit lamang ng lokal na naghahari dito ang programa para sa malawakang pagpapalit-gamit ng lupang agrikultural at ipadeklara ang mga lupang produktibo tungong mga pastuhan, *timberland* at kagubatan. Dahil dito, isa ang Masbate sa may pinakamababang distribusyon ng lupa sa ilalim ng CARP.

Nananatili ang pagrarantso bilang pangunahing paraan ng lokal na naghaharing-uri upang mapanatili ang kontrol sa lupa. Higit kalahati ng 400,000 ektaryang lupain ng Masbate ay saklaw ng mga rantso, na pag-aari ng 150 pamilya lamang.

Karamihan sa mga rantsong ito, na iniligtas sa pamamahagi, ay inoopereyt bilang mga plantasyon ng niyog. Ginagamit ding panabing ang mga pastuhan para sa mga operasyong mina, kwari, ekoturismo, planta ng kuryente at agribisnes. AB

# Sagradong ritwal, ginamit pantabing sa pandarambong sa lupang ninuno sa Agusan

Nilapastangan ng reaksyunaryong militar at estado ang *tampuda*, isang sagradong ritwal ng katutubong Higaonon, para itulak ang huwad na "pagkakaisang Lumad" at tabingan ang pagbibigay-daan sa ekspansyon ng dayuhang plantasyon at pagmimina.

Noong Mayo 12, isinagawa ng 402nd IB ang huwad na tampuda para sa "rekonsilasyon" ng mga angkang Namatindong ng Esperanza, Agusan del Sur at Manhumusay-Pinakitob sa Las Nieves, Agusan del Norte. Dinaluhan ito ng mga "kinatawan" ng mga Lumad sa limang kalapit na prubinsya.

Insulto ito sa sagradong ritwal ng mga Lumad na sa nakaraan ay susi sa pagbubuo ng pagkakaisa at paglaban ng mga tribu para ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno at biyaya ng kagubatan. Kabaligtaran nito, ginamit ng AFP ang *tampuda* para palabasing may lisensya ang pagbubukas sa libu-libong ektaryang mayaman na rekursong lupa at kagubatan ng mga Higaonon sa mga prubinsya ng Agusan.

Mayaman sa rekursong lupa, gubat, mina at karagatan ang dalawang prubinsya. Dahil dito, naglipana sa lugar ang dayuhang mga kumpanyang mapandambong at mapaminsala sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan dito. Kasabwat nila ang aktibo at retiradong mga upisyal militar at lokal na upisyal ng gubyerno.

Sa Agusan del Sur, di bababa sa tatlong kumpanyang mina ang nag-oopereyt. Isa sa pinakamalaki ang Co-O Mining na sumasaklaw ng halos 1,000 ektarya at pagmamay-ari ng Ten Sixty Four Ltd (X64), isang kumpanyang Australian. Kasosyo ng X64 ang Philsaga Mining Company na itinayo ng isang retiradong koronel.

Matatagpuan naman sa Agusan del Norte ang hindi bababa sa walong kumpanya sa pagmimina. Apat sa mga ito ay binigyan ng permit para mag-opereyt, kabilang ang Agata Mining Ventures na 60% pagmamay-ari ng TVI Pacific, isang kumpanyang Canadian. Apat pang kumpanyang sosyohang Pilipino at Chinese ang walang permit pero pinahihintulutang mag-opereyt ng pagmimina ng ginto, *nickel*, *cobalt* at *manganese*. Sinaklaw ng mga ito ang Taguiba Watershed na pinagkukunan ng maiinom na tubig ng Butuan City.

Liban sa pagmimina, target din ang dalawang Agusan sa ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon. Kabilang sa itinutulak sa Agusan del Norte ang Las Nieves-Buenavista-Nasipit-Carmen (LasBueNasCar) Sustainable Agro-Forestry Development Project. Target nito ang lupang ninuno ng mga Higaonon, gayundin ng maliliit na sakahan ng palay at mais. Bahagi ng proyektong ito ang paglalatag ng mga kalsada papasok sa mga interyor na baryo at iba pang imprastruktura para mas mapadali ang pagpasok ng mga lokal at dayuhang kumpanya. Nilaanan ito ng estado ng ₱61 milyon at pinokusan ng militar ang erya para supilin ang anumang pagtutol sa proyekto. Para tiyaking mananatiling supil ang mamamayan, tinadtad ng mga detatsment ang magkanugnog na mga baryo.



Isa sa pinakamakikinabang sa proyekto ang Nestlé, nagmamanupaktura ng Nescafe, na nagpapakana ng produksyon at pagbebenta ng *green coffee bean* (hilaw na kape) sa bayan ng Las Nieves. Suportado ng Department of Agriculture at World Bank ang proyektong ito, na pinopondohan pa ng ₱19 milyon. Layunin nitong palawakin ang plantasyon ng kape sa naturang bayan, monopolyohin ang ani ng mga magsasaka at idikta ang presyo ng pagbili ng kape mula sa kanila. Ang Nestlé, isa sa pinakamalalaking kumpanyang internasyunal, ay kilala sa pambabarat sa presyo ng hilaw na kape hindi lamang sa Pilipinas. (Sa pinakahuling pag-aaral, sinasabing 1%-3% lamang ng presyo ng bawat tasang kapeng ibinebenta ng malalaking kumpanya sa US ang napupunta sa magsasaka dahil sa sobrang barat ng pagbili ng kanilang ani.)

Katulad ng ibang prubinsya sa North Mindanao, matagal nang militarisado ang mga prubinsya ng Agusan. Laganap dito ang harasment at *red-tagging*, pwersahang pagpapasurender, pagsasampa ng gawa-gawang kaso laban sa mga lider at myembro ng mga samahang magsasaka, iligal na pangaaresto, sapilitang rekrutment sa CAFGU at iba pang abusong militar. Di bababa sa dalawang lider ng Unyon sa Mag-uuma sa Agusan del Norte, ang lokal na samahan ng mga magsasaka, ang pinatay ng mga ahente ng estado, isa ang tinangkang patayin at isa ang iligal na inaresto. Ang dahilan nito ay ang kanilang pagtutol sa ekspansyon ng mga mina at plantasyon sa kanilang lugar. AB

# Pamilya sa Negros, minasaker ng 94th IB

Minasaker ng mga sundalo ng 94h IB ang isang pamilya, kabilang ang dalawang bata, noong Hunyo 14 ng gabi sa Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental. Pinagbabaril ng mga sundalo habang tulog ang mag-iinang sina Emilda Fausto, 50 taong gulang, at kanyang dalawang anak na sina Raben Fausto, 11, at Ben Fausto, 15. Natagpuan namang patay sa labas ng kanilang bahay si Roly Fausto, 52, ama ng pamilya.

Ang pamilya ay aktibong mga kasapi ng Baklayan, Bito, Cabagal Farmers Association (BABICAFA), samahang magsasaka sa naturang barangay.

Bago pa man ang masaker, paulit-ulit nang ginigipit ng mga sundalo ang pamilya dahil sa paratang na sumusuporta sila sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang mga insidenteng ito ay iniulat nila sa mga organisasyon ng karapatang-tao.

Kabi-kabila ang pagkundena at panawagan para sa hustisya sa pagpatay sa pamilya Fausto. Naglunsad ng mga pagkilos ang iba't ibang grupo sa harap ng Commission on Human Rights sa Quezon City at sa AFP Visayas Command Headquarters sa Cebu City para ipanawagan ang pagpapanagot sa militar. Binatikos nila ang lantarang pagsisinungaling at pambabaluktot sa kwento ng AFP kaugnay sa masaker.

Liban sa kanila, apat na iba pang sibilyan ang walang-awang pinaslang ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Negros, Masbate at Albay.

Noong Hunyo 13, napatay ng 62nd IB sa walang-patumanggang pamamaril sina Benjie Ebarle at Roweno Anubong sa Barangay Macagahay, Moises Padilla. Naganap ang insidente matapos maka-engkwentro ang isang yunit ng hukbong bayan sa kalapit na sityo.

Napatay din sa walang-patumanggang pamamaril ng AFP ang 17-anyos na si Carling Belan noong Hunyo 16 sa Sityo Manaybanay, Barangay Calabad, Dimasalang, Masbate. Nasugatan sa naturang pamamaril si Panoy Pepito. Dinakip ang tatlo pang sibilyan na sina Wengweng Hagnaya, Damang Tumangan at Edlang Tumangan sa parehong insidente.

Samantala, iniulat kamakailan ang pagpatay ng 9th ID sa magsasakang si Zaldy Cañaveral, 40, na binaril ng mga sundalo noong Mayo 24. Si Cañaveral ay nasa kanyang maisan sa Barangay Busac, Ligao City, Albay nang pag-initan at barilin siya ng mga sundalo.

**Pag-aresto.** Iligal na inaresto ng mga pulis si Danilo Acayin, taga-Barangay Puray, Rodriguez, Rizal noong Hunyo 5, ala-1 ng hapon sa kasong pagpatay nang walang ipinakitang mandamyento de aresto. Kasalukuyan siyang nakakulong sa Antipolo City.

Noong Hunyo 16, inaresto ng 62nd IB ang manggagawa sa konstruksyon na si Aldren Valbueno sa Sityo Manta-uyan, Barangay Macagahay, Moises Padilla, Negros Occidental. Pinalabas ng mga pulis na mayroong nakumpiskang kalibre .45 pistola at bag ng militar sa kanya. Pinararatangan siyang kasapi ng hukbong bayan.

Inaresto ng mga pulis noong Hunyo 19 ang apat na magsasaka ng Sityo Caorasan, Barangay San Agustin, Pili, Camarines Sur sa gawa-gawang mga kaso. Ang mga inaresto ay lumalaban sa proyektong Naga Airport Development sa prubinsya.

Kabilang sa mga inaresto si Artemio Sanchez, dating lider ng Damayan nin Paraoma sa Camarines Sur (DAMPA) at myembro ng panrehiyong konseho ng Kilusang Magbubukid ng Bicol.

**Pamamaril.** Nagpaulan ng bala ang mga sundalo ng 62nd IB sa Sityo Uyangan, Brgy Budlasan, Canlaon City bandang alas-11:00 ng gabi noong Hunyo 15. Nagdulot ito ng troma at takot sa mga residente.

**Pananakit.** Sa Masbate, binugbog at ninakawan ng mga sundalo si Nono Sayson at apat pang magsasaka noong Hunyo 1-5 sa Barangay Buenasuerte sa Palanas, Barangay Guindawhan sa Pio V. Corpus at Barangay Mabini sa San Fernando. AB

### Palayain ang pinakamatandang detenidong pulitikal!

MULING NANAWAGAN ANG Kapatid, grupo ng mga pamilya ng bilanggong pulitikal, na palayain si Gerardo dela Peña, 84, ang pinakamatanda sa 824 bilanggong pulitikal na nakakulong ngayon sa iba't ibang piitan ng bansa. Anang grupo, simula pa 2019 itinutulak nila ang pagpapalaya kay Peña ngunit hanggang ngayon ay wala pa ring aksyon ng estado.

Si Peña, na may altapresyon at iba pang karamdaman, ay magsasakang tubong Vinzons, Camarines Norte na hinatulan ng reclusion perpetua sa gawa-gawang kasong pagpatay. Sampung taon na siyang nakakulong. Siya ay dating lider ng Samahan ng Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto (Selda) at kasapi ng Karapatan.

Unang iniapela ng Kapatid ang pagpapalaya sa kanya sa makataong mga batayan noong 2019 ngunit tinanggihan ito ng Korte Suprema at pinagtibay ang hatol sa kanya.

Samantala, ibinasura ng korte sa Muntinlupa ang kaso laban sa tatlong tsuper na nagpiket sa Alabang, Muntinlupa City sa kasagsagan ng *transport strike* noong Marso 7. Ayon sa grupong Piston, ibinasura ang kaso matapos paulit-ulit na hindi sumipot sa mga pagdinig ang mga nagsampa.

## SA UNANG TAON NG REHIMENG MARCOS:

**97** biktima ng pampulitikang pamamaslang mula Hunyo 30, 2022 hanggang Hunyo 15, 2023.

**Pinagkunan:** *Ang Bayan, Special Report*


**75** kaso ng paglabag sa kalayan sa pamamahayag mula Hunyo 30, 2022 hanggang Abril 30, 2023.

**Pinagkunan:** *National Union of Journalists of the Philippines and the Center for Media Freedom and Responsibility*

**308** indibidwal ang pinaslang sa huwad na gera kontra-droga mula Hulyo 1, 2022 hanggang Mayo 31, 2023.

**Pinagkunan:** *Dahas PH*

**37,682**



mamamayan mula sa 26 barangay ng Albay ang apektado sa pagputok ng Bulkang Mayon mula Hunyo 8;

**Pinagkunan:** *National Disaster Risk Reduction and Management Council*

**17,216** sa kanila ay kinailangang magbakwit.

**25 EKTARYA**

ang "iginawad" ng lokal na gubyerno ng Calayan Island, Cagayan para tayuan ng kampo militar ng US at Pilipinas sa pinakahilagang bahagi ng bansa.

**99.5%**

ng mga Pilipino ay may "bias" o diskriminasyon laban sa kababaihan.

**Pinagkunan:** *Gender Social Norms Index, United Nations Development Programme*

**250**

EROPLANONG PANDIGMA

ang sangkot sa kontra-Russia na *war game* na inilunsad ng US at kasabwat nitong mga bansa sa **NATO** mula Hunyo 13 hanggang Hunyo 23 sa Germany.

**81%**

**ng mga Pilipino ang "maingat" magpahayag *online* ng opinyon sa pulitika**

dahil sa takot bunga ng karahasang pulitikal, intimidasyon at mga banta sa kalayaan sa pagpapahayag.

**Pinagkunan:** *Digital News Report, Reuters Institute for the Study of Journalism*



# Ang pagiging *transwoman* sa hukbong bayan

Mahigit isang taon nang pultaym na Pulang mandirigma si Ka Daisy, isang *transwoman*. Panahon ng pandemya siya sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB), matapos ang tatlong taong pagkilos bilang myembro ng Kabataang Makabayan. Naalala niya, dalawang araw pa lamang siya bilang pultaymer, napasabak na ang kanyang yunit sa labanan.

Ngayon, giyang pampulitika na sa iskwad si Ka Daisy, na tinatawag din ng ilang kasama na "Inday." Bilang upisyal, tinitiyak niya ang pagpapalakas ng organisasyon. Kasama siya sa nagbabalangkas ng plano at programa at nagtitiyak naipapatupad ang mga ito. Gumagampan din siya sa pang-araw-araw na gawaing teknikal mula sa pag-iigib ng tubig, pagluluto, at paghahakot ng suplay.

"Buo ang respeto ko kay Ka Daisy," pahayag ni Ka Alas, iskwad-lider. "Bukod sa matulungin, mahusay pang magturo. Mula nang idineploy siya rito, siya na ang nagtuturo sa akin ng LitNum (*literacy/ numeracy*). Dahil sa may edad na rin ako, minsan nakakalimutan ko ang kanyang tinuro, pero hinihikayat pa rin ako ni Inday na matuto."

Mainit ang pagtanggap ng mga kasama kay Ka Daisy noong siya'y bagong rekrut pa lamang. Sa kanyang panig, mabilis siyang nakaangkop sa mga regulasyong militar ng BHB.

"Bago pa ako pumasok sa yunit, may oryentasyon na ang mga kasama kaugnay sa aking kasarian. Binigyan din sila ng pag-aaral hinggil sa mga pakikibaka ng LGBT," ani Ka Daisy. Sa kanyang yunit, idinagdag ng mga instruktor ang hinggil sa LGBT sa pagbibigay ng batayang oryentasyong militar. Ito ay para mabaka ang maling mga pananaw at pagturing sa LGBT. Bagamat lumilitaw pa rin ang mga maling pananaw, kolektibong natutunggali ang mga ito sa maayos at mapagkasamang paraan.

Tulad ng ibang kasama, kaya ni Ka Daisy na pasanin ang mabibigat na gamit. Laman ng kanyang bag ang nakaimprentang mga babasahin tulad ng *Ang Bayan* at iba pang mga dokumento at libro, gamit kusina, suplay at gadyet. Nakahalo rin doon ang kanyang *make-up kit*.

"Sa tuwing naglulunsad kami ng gawaing masa, namamahagi kami ng mga dokumento, tulad ng AB, para ma-*update* ang masa sa mahahalagang usapin sa lipunan," aniya.

Kung tatanungin ang mga kasama sa bilang ng babae sa yunit, kasama sa bilang si Ka Daisy. Malayo ito sa karanasan niya noong nag-aaral pa lamang siya sa isang Katolikong eskwelahan. Dumanas siya ng rekstriksyon at diskriminasyong nakabatay sa kanyang kasarian. Hindi siya maaaring magsuot ng gusto niyang damit at kinailangan niyang gupitin ang kanyang mahabang buhok.

Sa loob ng BHB, masaya si Ka Daisy na maging bahagi sa pagpapanday ng isang lipunang mapagmahal at mapagkalinga sa tulad niyang *transwoman*. Para sa kanya, hindi usapin ang kasarian sa pagrerebolusyon. Hindi ito hadlang at mas lalong hindi ito ang batayan.




Hindi ito usapin ng pakikipagsabayan. Sapat nang nakalaan ang puso at panahon para maglingkod sa rebolusyon.

"Bilang kabataang LGBT, mahalaga ang papel natin sa pagpapatuloy sa rebolusyon. Para mabago ang pagtingin sa atin ng lipunan, kailangan nating baguhin ang lipunan," aniya.

Sa rebolusyon, malayang naipapahayag ni Ka Daisy ang kanyang tunay na damdamin. Noong ika-50 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines, nanguna siya sa pagtataguyod ng selebrasyon sa larangan. Nagsilbi syang tagapagpadaloy ng programa at tagapagpalamuti ng benyu. Kasama rin siya sa naging instruktor sa pagsayaw at pagkanta sa inihandang mga pangkulturang pagtatanghal. Dahil espesyal ang okasyon, nag-ayos si Ka Daisy gamit ang *lipstick*, *face powder* at *eyeliner*.

Daan-daang magsasaka sa kalapit na mga baryo ang kanilang naging mga panauhin.

Sa eryang kinikilusan ni Ka Daisy, may mangilan-ngilan ding myembro ng LGBT na nakapaloob sa batayang organo ng Partido sa baryo. Aktibo sila sa pangkulturang pagtatanghal at bukas na makasalamuha ang mga Pulang mandirigma.

Di akalain ni Ka Daisy na makakatagpo siya ng kapwa niya myembro ng LGBT na isang Pulang mandirigma rin.

"Noon ko pa nababalitaan na tanggap sa BHB ang tulad kong nabibilang sa LGBT. Sa wakas, masaya ako't may nakasalamuha ring nagmula sa komunidad. Akala ko'y ako lang ang napadpad rito," biro ni Ka Daisy.

Tunay ngang sa kilusan, pantay ang karapatan at responsibilidad ng lahat. Sa lipunang mapang-api at mapanghusga sa mga LGBT, sa rebolusyon lamang sila nakaranas ng tunay na kalayaang "rumampa". AB